1

Sumapit ang pinakaabangang gabi ng organization nina Celine—ang cultural night. It was held at the university main auditorium. Punung-puno ng bisita ang bulwagan. Abalang-abala naman ang lahat ng mga officers tulad niya sa pag-aasikaso ng mga bagay-bagay upang lalong maging maganda ang kanilang programa.

Nangangalahati pa lamang ang program ay nagkanya-kanya nang lapit ang kanilang mga orgmates at kakilala para batiin silang mga officers, lalo na sila ni Warren na siyang mga punong abala sa proyektong iyon. Celine was the vice president of their org, while Warren was their president.

"This is one of the best cultural nights I've ever attended," nasisiyahang sambit ng kanilang faculty adviser.

"That's the best compliment we've heard tonight. Thank you, Sir," sagot ni Warren na nasa tabi niya. Habang nakikipag-usap ang binata sa mga bumabati sa kanila hindi maiwasan ni Celine na mapatitig dito.

Unknown to all, Warren was her secret love.

And that was her biggest secret. Unang beses niya pa lang Nakita ang binata ay naramdaman niya na ang hindi pamilyar na pagtibok ng kanyang puso. She tried her best to ignore it at first because she thought she was too plain for Warren.

Warren had practically everything: the looks, the brains and the charm. Bakit nga ba naman niya papangarapin pa na mapansin nito? Tuluyang nawalan siya ng pag-asa nang malaman niyang may girlfriend na ito. A certain 'Frances' from another school already owned his much-coveted heart. Kaya naman nakontento na lamang si Celine sa friendship na siyang kayang ibigay sa kanya ng binata nang buong puso at walang pag-aalinlangan. But it did not stop her from loving him... at least secretly.

She was already in a deep trance when she felt a gentle shake on her shoulders. Muntik na siyang mapatalon sa kabiglaan. Her vision slowly got clearer. Warren's smiling eyes confirmed that she was already out of reverie.

Naramdaman niya ang pamilyar na pagbilis ng tibok ng puso niya habang magkasalubong ang mga mata nila.

Natatawang iwinasiwas ng binata ang isang kamay nito sa harap ng mukha niya. "Okay ka lang

ba? Para kang naparalisa, ah."

Celine no longer blushed. She knew how to hide her emotions very well. Nasanay na rin siguro dahil ginagawa na niya iyon for the past three years. Albeit there were times that she really got carried away; she could not help it.

His voice and even just the thought of him was enough to make her knees weaken. What more his presence right in front of her?

Umiling siya. "N-nothing. May naisip lang ako."

Tumipid ang pagkakangiti ng binata at naningkit ang mga mata ni Warren. "Siguro boyfriend mo, 'no?" nanunuksong anito.

She smirked, both in disappointment and slight annoyance. Alam na alam naman ng binata na wala siyang boyfriend. Among all the guys in their org, he was the closest to her. Marahil dahil sa magkatulad nilang hilig sa mga bagay-bagay at pagiging officers ng organization.

It was also to Celine's advantage that Warren's girlfriend was studying in a different school. Mas may oras sila para magkasama ng binatang lihim na minamahal.

Nilubayan lang siya ng pang-aasar ng binata nang makita nito na nakataas na ang isang kilay niya. But it was just her defense mechanism. She was not really mad at him.

She heard him saying something, but she was far from understanding it. Paano, nagsisimula na naman siyang mawala sa sarili. Namalayan niya na lang na nakalayo na sa kanya nang ilang hakbang ang binata. May kinakausap itong mga taong hindi niya kilala, o maaaring hindi niya lang makilala dahil nakatuon lamang kay Warren ang kanyang atensyon.

She willfully indulged herself at the sight of him.

Warren was a stunning paradox. He had a boyish face and a cute smile, but his overall look was irresistibly manly.

His thick hair, brows and lashes could excite any woman.

His eyes spoke of many words than he could actually utter.

Wala pa siyang nakilalang lalaki na may mga matang kasing-expressive ng mata nito. His were hypnotizing, always ready to swallow a woman's

unprepared spirit.

Gaya ng sa kanya.

Muling ipinilig ni Celine ang ulo. *May God forgive me. I just can't help it, I love Warren so much*, piping daing niya sa sarili. Noon pa niya napagtanto na mahirap magmahal nang walang katugon. Ngunit paano niya mapipigilan ang masokista niyang puso? Kaligayahan niya na ang mahalin ang binata, bagaman kalungkutan din ang katumbas niyon.

Hindi na halos napansin ni Celine ang oras.

Namalayan na lamang niya na patapos na ang programa.

Muling bumalik sa harapan niya ang lalaking kanina pa solong umookupa ng isipan niya.

"Congratulations to us," Warren said happily.

"Yeah, congrats sa 'tin."

He held her hand and sincerely said, "Thank you so much for the help."

Sinubukan niyang magmukhang kalmado kahit parang gusto niyang matunaw dahil sa hawak nito. "You don't have to thank me. It was my duty to help you. Baka nakakalimutan mong vice mo 'ko."

Napatango ito. "Oo nga naman." Naramdaman ni Celine ang pagpisil ni Warren sa palad niya na tangan pa rin nito. Napapitlag siya ngunit pinilit na huwag mabakas ang reaksyon sa kanyang mukha.

"Just the same, I want you to know how thankful I am for having you. I mean, for being a friend and an overly dedicated co-officer. I might not be able to say this anymore kaya sinasabi ko na ngayon."

Celine could see sincerity in his eyes. She wanted to melt instantly. "Ang drama mo, ha," mahinang tugon niya. Pabirong sinuntok niya ang binata sa tiyan.

"Aray," anito bagaman halatang hindi nasaktan. "Pa-hug naman."

She delightfully obliged. Kung tutuusin, kung hindi nito iyon sinabi ay baka siya pa mismo ang humiling niyon.

When he hugged her, she felt her whole being getting completed. Tila ba may isang lugar sa pagkatao niya na pinunan ng yakap nito. Damn, it was just a hug, and she wanted it to last forever! But apparently, it would only happen in reverie.

Nang matapos ang cultural night ay nagkayayaan silang mga officers na gumimik. Sa isang dance club

sa Libis sila humantong.

Parang walang kapagurang humataw silang mga babae sa dance floor habang nakaupo lamang ang mga lalaki at nag-iinuman.

Pasado alas dos na nang magpasya silang mag-uwian. Ang totoo ay pagod silang lahat dahil sa pag-aasikaso ng cultural night. They just could not let the night pass without celebrating their success.

Tatlo ang dala nilang sasakyan. Nagkanya-kanyang sakay na sila. Celine naturally had to hitch a ride on Warren's car. Sa tuwina naman ay rito siya sumasabay. Isa pa, ito lang ang malapit ang inuuwian sa bahay niya. Sa Fairview siya nakatira habang ang binata naman ay may condo sa Katipunan.

Nang nasa loob na sila ay hindi agad pinaandar ng binata ang sasakyan. Celine caught him shaking his head.

Sila na lamang ang naiwan noon. Nauna nang umalis ang dalawang kotse ng mga kasamahan.

"Lasing ka?" tanong niya rito.

Umiling ito. "Not really. Medyo nahihilo lang."

"An'dami ninyo yatang ininom, eh."

Bumaling ito sa kanya. This time, she was convinced that he was drunk. Mapupungay na ang dati nang mapungay na mga mata nito. “Nagkasayahan lang. Naglalaro kasi kami kanina. Pag talo, doble at triple ang tagay. Si BJ, mas lasing ‘yon. Malakas ang loob dahil si Melissa ang magda-drive,” tukoy nito sa dalawa nilang orgmates.

“Siguro si Frances din ang nagda-drive pag nalalasing ka, ‘no?” hamon niya rito.

“Hindi, ah. Hindi ako umiinom kapag magkasama kami. Ayaw kasi n’on na umiinom ako. Saka hindi marunong mag-drive si Frances kaya imposible iyang sinasabi mo,” mababagal ang mga salitang anito. Hindi maipagkakaila sa hitsura na may tama na ito.

Celine knew he was just a mild drinker and she was also aware that Warren had drank more than his limit. She closed her eyes in disbelief. Nang imulat niya ang mga mata, parang wala sa sariling nakatunghay sa kanya ang binata.

She ignored the uneasiness brought by his stare. For Pete’s sake, he was drunk. Heto nga at papungay-pungay pa ang mga mata.

“I see. So paano tayo ngayon, eh, ‘ayan at

namumungay na mata mo?" She tried to sound as cold as possible.

Ngumiti ito. "Mapungay lang talaga..." Isinandal nito ang ulo sa sandalan ng upuan at mariing pumikit, "...ang mata ko. Kaya nga na-in love sa kin si Frances."

Lihim na nagpuyos ang kalooban ni Celine. Kahit pala lasing, hindi pa rin maalis sa isip nito ang nobya.

Napakasuwerte talaga ng babaeng iyon. At malas niya lang.

"Ako na lang kaya ang mag-drive? Parang wala ka na sa kondisyon, eh," aniya. Marunong naman siyang mag-drive dahil kapag walang lakad ang daddy niya ay siya ang nagdadala ng kotse nito. Isa pa, gusto niya na rin kasing magpahinga. Pagod na nga siya physically, pinapagod pa ng lalaking ito ang isip niya.

"No way. Nasa kondisyon ako. Ikaw naman, wala kang tiwala sa 'kin." Dumilat ito at umastang paaandarin na ang sasakyan. Ngunit hindi naman nito mai-shoot ang susi sa ignition.

"Basta ako na lang ang magda-drive. Pag hindi ka pumayag, magta-taxi na lang ako," banta niya.

She half meant that. Hindi niya ito maiiwan doon mag-isa.

Amused na napatingin ito sa kanya.

"Sige na, palit na tayo ng puwesto. Lipat ka dito, ako na diyan," asik niya nang hindi pa rin ito kumibo.

Pagkasabi niyon ay lumabas siya ng pintuan at umikot sa kabila. Takang nakamasid lang sa kanya ang binata.

Binuksan niya ang pinto sa driver's seat. Hindi pa rin ito tumitinag.

"Lilipat ka ba o magta-taxi ako?"

"Seryoso ka ba?" manghang tanong ni Warren.

"Obvious ba?" mataray niyang balik-tanong.

Nang mapagtantong seryoso nga siya ay nakataas ang mga kamay na sumuko ito. "Okay, okay, lilipat na po."

Hindi na ito lumabas ng pinto. Umusod na lamang ito papunta sa passenger seat.

"Nagiging mataray ka yata ngayon, ah," puna ng binata habang ini-start niya ang kotse. When Celine glanced at him, nakatawa ito na tila nang-aasar.

"Heh!" singhal niya bago pinasibad ang kotse nito.

Ilang sandali pa ay nasa Katipunan na sila.

"Saan mo 'ko dadalhin, Miss Driver?" mayamaya ay tanong nito. Sinulyapan ni Celine ang katabi. Gusto niyang matawa sa hitsura nito na tila nagpapacute. "Sa condo mo, saan pa?"

Napabalikwas ito. "Hep! lhahatid kita sa bahay n'yo, remember?" Tuluyan na siyang natawa sa ginawi nito.

"Paano mo naman ako maihahatid, lasing ka nga, remember?"

"Hindi ako lasing, remember?" pangungulit pa rin ng lalaki.

'Eto na, certified lasing na talaga, she murmured. "Hay naku, bahala ka nga sa buhay mo."

"Pero ihahatid nga kita," ulit nito. She rolled her eyes in amusement. "Celine!" untag nito.

"Huwag ka na ngang makulit. Pupunta tayo sa condo mo para makapag-freshen up ka 'tapos saka mo 'ko ihatid, okay?" aniya para magtigil lamang ito. Pero ang plano niya kapag naihatid niya na ito ay magta-taxi na lang siya pauwi. Naaliw siya sa

isiping iyon.

Sandali itong nag-isip. “Sige, magpe-freshen up lang ako.”

Tumango siya.

Nang makarating sa tapat ng gusali ng bahay ng binata ay nagpatiunang lumabas ito. Nagpasalamat siya na kaya nitong lumakad sa sarili nito. Kung hindi niya nakitang uminom ito ay iisipin niyang hindi ito lasing dahil sa tindig nito. At least hindi na niya ito kailangang akayin pa.

“Susi?” baling niya rito nang tumapat sila sa pintuan ng unit nito.

“Ako na. Sasabihin mo na namang lasing ako,” nanunuksong tugon nito. Hindi niya tuloy alam kung siya ba ang binibiro nito o ang sarili. Dumukot ito sa bulsa at inilabas ang susi bago binuksan ang pinto.

“I’ll just... take a shower. Five minutes lang then ihahatid kita sa inyo,” namumungay pa rin ang mga matang paalam ni Warren pagkapasok nila sa unit.

Tinanguan niya lang ito at pumasok na ito sa silid nito. Inabala niya ang sarili sa pagbabasa ng magazine.

Hindi niya namalayang nakaidlip siya. May twenty minutes na buhat nang magpaalam ang binata. Hindi pa kaya ito tapos? Sinubukan niyang katukin ang silid nito ngunit natuklasan niyang hindi naman pala iyon nakapinid. When she opened the door, she saw Warren lying comfortably on his bed, still wearing his clothes earlier. Hindi naman pala ito nag-shower.

Naiiling na tinungo ni Celine ang kusina nito at naghanda ng pamunas. She truly wanted to go home and lie her back comfortably on her soft bed, but with their current situation, mukhang magiging nanny muna siya. Paano niya ito matitiis sa ganitong kalagayan? Mabuti nang maginhawaan man lang ito bago niya iwan.

Naghanap siya ng face towel bago ito nilapitan.

Nang simulan niyang hubarin ang sapatos nito ay naalimpungatan ito.

"Oh, Celine! Sorry, hindi pa pala kita naihahatid," medyo hilo pa yatang sabi nito. Akmang babangon ang binata nang pigilan niya ito.

"Humiga ka lang diyan at pupunasan kita para guminhawa ang pakiramdam mo."

"P-pupunasan mo 'ko?" tila di-makapaniwalang

ulit nito.

"Ano nama'ng nakakagulat d'on? Pupunasan kita para mahimasmasan ka kasi ihahatid mo pa ako sa amin, remember?" Sinamahan niya iyon ng nagbibirong ngiti.

Alam niya kasing posibleng hindi nito naalala ang mga pinag-usapan nila kanina sa kotse.

Napangiti rin ito. "Yeah, I remember."

Pumuwesto siya sa gilid ng kama malapit sa bedside table. Inilublob niya ang face towel sa maligamgam na tubig at saka iyon pinigang maigi. Nang lingunin niya ang binata ay nakita niyang nakatanga pa rin ito sa kanya.

"Ano pa'ng hinihintay mo? Baka gusto mong hubarin 'yang polo mo?"

"Seryoso ka ba diyan?" sambit nito sabay turo sa hawak niyang basang face towel.

She rolled her eyes. She was starting to get impatient.

This nanny thing—she was doing it for humanitarian purposes, or so she thought.

"What do you think? Mister, puwede bang

pakibilisan mo na at sayang ang oras?" pagtataray niya.

Ilang segundo pa ay inumpisahan nang tanggalin ng binata ang butones ng suot nitong asul na polo. Kanina sa kotse ay hinubad na nito ang kurbata. Wala sa sariling napatitig si Celine sa mga kamay ng binata na nagkakalas ng butones. Napalunok siya.

Nang tuluyan nitong hubarin ang suot na polo at malantad sa paningin niya ang malapad nitong dibdib, bigla siyang nagdalawang-isip. Parang gusto niya na itong iwan. Nagkamali yata siya ng desisyon.

"Celine..."

"H-ha?" tila naalimpungatang sabi niya. She felt an instant thirst.

"Upo o higa?" walang tinag na usisa nito.

"Ha? A-ano... ikaw ang bahala." Muli niyang inilubog ang face towel sa palanggana para makaiwas sa mapanuring tingin nito. Ito ang pupunasan niya, pero pakiramdam niya ay siya ang nahimasmasan.

Warren positioned his back against the headboard and looked at the ceiling. Then he closed his eyes. Nakahinga siya nang maluwag nang pumikit ito. At least hindi nito makikita ang pagka-tense niya.

Inumpisahan niyang punasan ang buong mukha ng binata habang kagat niya ang pang-ibabang labi. Kung kanina ay kung anu-ano ang naiisip niya, ngayon naman ay tila nablangko ang utak niya. But she was also feeling tensed by the awkward situation

Sinunod niya ang leeg at mga braso nito.

"Hmm... that feels good," anas nito na halatang naginhawahan. Warren's eyes were still closed. "I never thought na ganito ka ka-caring. You could've left me rotting here pero heto, inaasikaso mo pa rin ako."

Her lips twisted. *Manhid ka kasi. Kunsabagay, paano mo nga ba mapapansin ang pagpapahalaga ko, hindi naman ako mahalaga sa 'yo?* piping sumbat niya rito.

Inilublob niya muli ang tuwalya sa palanggana at piniga iyon. Nang muli niyang idampi ang tuwalya sa braso nito ay hinawakan ng binata ang kamay niya.

"Tama na diyan. Sa dibdib naman, please,' nakapikit pa ring hiling nito.

Celine did not know what to do. Finally, she was convinced she was in a danger zone. Nag-iisip na siya ngayon kung paano makakawala sa sitwasyong

iyon. Ang totoo, wala siyang balak punasan ang matipuno nitong dibdib na nakabalandra sa harapan niya. Iniiwas-iwasan niyang tingnan iyon kanina pa dahil parang may kakaiba siyang nararamdaman sa tuwing nahahagip niya iyon ng tingin. Nang hindi pa rin siya kumilos, muli siyang tinawag ni Warren, this time with a hint of impatience. He was waiting. And now, she had no choice. Inumpisahan niya na ito kaya kailangang tapusin niya.

She summoned all her guts and uttered a silent prayer before starting to wipe his left shoulder. Hindi na nga punas ang ginawa niya dahil pinasayad niya lang ang bimpo sa katawan nito. But Warren was such a demanding knight in distress.

"Hey! Ba't ganyan?" protesta nito na noon ay nakadilat na. "Here.." Kinuha nito ang kamay niya na may tangang bimpo, "I'll teach you how."

2

Gripping her hand which held the face towel, Warren wiped himself.

Sari-saring damdamin ang nagsalimbuyan sa dibdib ni Celine. Hindi siya makatingin nang derecho sa binata dahil alam niyang sa kanya nakatuon ang paningin nito at hindi niya kayang salubungin iyon. Dalawang magkasalungat na puwersa ang tumutupok sa kanya nang mga oras na iyon. Pakiramdam niya ay nilalagnat siya. She could feel herself sweating.

When Warren finally let go of her hand, she automatically moved it away from his skin. Ngunit hindi niya inaasahan ang sumunod na nangyari. Hinila nito ang papalayo niyang kamay. Hindi malakas ang puwersa nito ngunit dahil wala na siya halos sa sarili at dahil na rin sa pagkabigla ay napadagan siya sa binata. Halos gadangkal lamang ang layo ng mukha nila sa isa't isa.

Celine's world seemed to literally stopped spinning for a while her breathing, her heartbeat, and all her senses had momentarily ceased to function altogether.

Naghinang ang kanilang mga mata. For some reason, tila may magnetong humigop sa kanya para makipaglaban ng titigan kay Warren while her heart was beating wildly.

"Celine..." paanas na sambit ng binata, tila wala rin sa sarili. His voice brought chills to her bones while his eyes pierced through her soul.

Napasinghap siya nang kumilos ang isang kamay ng binata at masuyong hinagod ang kanyang likod. She felt electrocuted! She arched her body helplessly, her rationality swiftly drifted like a floating boat. Isang mabilis na kilos ang ginawa ng binata at nadaganan na siya nito sa kama.

Ilang segundo ring naghinang ang kanilang paningin bago unti-unting lumapat sa kanyang bibig ang mga labi nito.

She closed her eyes as a sign of preparedness while anticipating to meet his lips with hers. There was no time to think, and logic no longer mattered. Hanggang sa sumayad ang mga labi ng binata sa mga labi niya.

Masuyo ang paghalik nito sa umpisa, animo nananantiya. He first nibbled her upper lip, then her lower lip. It brought palpable sensation in the pit of

her stomach and at some point, she felt her muscles stiffen. Hindi nagtagal ay mas naging mapangahas na sa pag-angkin ng kanyang mga labi ang binata. He used his tongue to widely open her shy mouth, his tongue roamed inside her mouth, extracting the sweetness of it. Celine could not help but moan. Warren was doing wonders on her mouth, while his hands gently touched other parts of her body. Heaven knew she tried her best to respond to his conquering kisses, but he was simply unbeatable.

When he removed his mouth from hers, nakaramdam siya ng pagtutol. Hinabol niya ang mga labi nito ngunit dumako na iyon sa kanyang punong-tainga. Doon na naubos ang natitirang katinuan niya—kung may natitira pa. Awtomatikong naikiling niya ang ulo upang lalong maabot ng bibig ng binata ang puntirya. Once again, she led out a moan.

"Hmm..." sabi lang nito.

"W-Warren..."

Tila naging senyales iyon sa binata. Nagsimulang lumikot ang mga kamay nito. Sinimulan nitong kalasin ang butones ng suot niyang blouse habang naglalandas ang mga labi nito sa kanyang leeg.

Celine heard warning bells inside her mind. She knew she entered the danger zone a while back. Ngunit wala na siyang lakas para patigilin ang lalaki. At marahil kahit mayroon pa, hindi niya na rin magagawang pahintuin ito. She loved Warren. She wanted him. And his kisses and touch made her feel that he wanted her too. Damn. Minsan lang mangyari ito. Minsan lang niya maaangkin nang ganito ang lalaking minamahal. Why should she deprive herself to feel wanted and loved, even just once? No, she could not let this chance pass because that was what her heart was screaming at the moment.

Nang mahubad nito ang kanyang blouse, isiniksik nito ang kamay sa likuran niya upang hagilapin ang hook ng kanyang bra. Hindi nag-atubiling lumiyad siya upang hindi ito mahirapan. Walang kahirap-hirap na nalantad sa binata ang mayaman niyang dibdib na wala pang nagpapala.

"You're beautiful..." May pag-iingat na dinala nito ang mga kamay niya sa leeg nito. He then leaned his head down on her chest and buried his face on her silken valley.

Halos tumirik ang mga mata niya nang sakupin ng bibig ni Warren ang isa niyang dibdib habang

ang isang kamay nito ay kumalinga sa isa pa.

Automatically, she pulled his head towards her chest.

Her remaining fear had all vanished. She was not even sure if she had been afraid at all. She completely disregarded all the what-ifs and other negative thoughts that knocked on her mind from time to time. Saka niya na poproblemahin ang bukas. Ang mahalaga ay ang ngayon—ang sandaling kasama niya si Warren at ang maramdaman niya kung paano ibigin nito, kahit iyon ay panandalian lamang.

Hindi niya na namalayan kung paano natanggal ang nalalabi nilang saplot sa katawan. He was touching her, gently pinching her, kissing her, licking her. She tried to do the same, but she was a neophyte.

Napapikit si Celine nang maramdaman ang kahandaan nito. She knew she, too, was ready. But when he started entering her, she almost cried in pain. “Warren…”

Nagdahan-dahan ito nang makitang nasasaktan siya.

“Hush, baby, it’s gonna be all right.” Warren whispered in her ear. He was placing little kisses all

over her face.

Somehow, she felt relieved.

She bit her lower lip to avoid screaming when he fully entered her. Mahigpit na napasabunot siya sa makapal na buhok ng binata.

"Oh, God, Celine!" narinig niyang anas ni Warren na tila nahihibang ding tulad niya. She did not know where she found the initiative to find his lips. When their mouths met, he hungrily kissed her and she kissed him back in the same extent.

She knew it was time. They were both unable to hold it off any longer. Sabay silang napasigaw nang marating nila ang tuktok ng luwalhati.

Kapwa sila humihingal nang humupa ang mainit na sandali. But Warren stayed on top of her, holding her as if not wanting to let her go. She just encircled her tired arms around his sweaty neck. She never thought loving could be this tiring.

"Am I crushing you, baby?" bulong nito sa tainga niya, his lips brushing the underside of her earlobe. Her body instantly reacted on it.

Umiling si Celine. Sinubukan niyang magsalita, pero walang lumabas na tunog mula sa bibig niya.

Nang magbalik ang kanyang lakas, hinigpitan niya ang yakap sa kaulayaw. Ramdam niya ang walang kapantay na kaligayahan nang mga sandaling iyon. If she had the power, she would freeze the time so they could stay in each other's arms forever.

Habang unti-unting bumabalik ang kanyang lakas ay unti-unti ring nanunumbalik ang kanyang katinuan.

Ngunit wala siyang pag-uusig sa sarili na naramdaman. She felt whole. She felt alive. And loved.

She would forever treasure this moment dahil sa kauna-unahang pagkakataon, naramdaman niyang kanya ang binatang labis na minamahal.

Her thinking was distracted when Warren's hand caressed her right breast. Her mind closed when he covered her mouth with his. Muli, pinagbigyan nila ang kanilang mga sarili na lasapin ang ligayang walang kahulirip.

WARREN could not seem to get enough of Celine. Ni hindi siya nakaramdam ng pag-aalinlangan sa kanyang ginagawa sa dalaga sapagkat iyon ang nais niyang gawin magmula pa nang sumayad ang balat

nito sa balat niya habang pinupunasan siya nito. All his muscles twitched.

He instantly felt alive.

He could no longer think of anything or anyone else other than her. She was driving him crazy. Walang nakapagparamdam sa kanya ng gaya nito. Not even Frances. The first time his lips tasted Celine's, he knew he would die if he would not take her right then and there.

She succumbed to his every kiss and every touch. She was undoubtedly inexperienced, yet she was trying hard to give him back the pleasure.

Lasing siya, oo. Ngunit alam ng diwa niya ang bawat detalye ng kanilang ginagawa. Langhap niya ang tila baby na amoy ng katawan nito. Her skin was velvety to his touch. Walang tigil sa pagdausdos ang kanyang palad sa makinis nitong balat.

But what excited him more was the way she moaned and called his name as if she would die if he would stop.

And nothing could really stop him.

Kapwa nila habol ang hininga nang maghiwalay ang kanilang mga bibig. He was satisfied by the way

she responded even as a beginner. Katulad ng mga kamay niya, hindi rin mapakali ang mga kamay ng dalaga. Naroong isabunot iyon sa kanyang buhok, ihawak nang mahigpit sa unan, ipadausdos sa kanyang pawisang likod at ikunyapi sa kanyang batok.

He stopped for a while and gazed at her. Her eyes were closed. *Do you have an idea what you're doing to me, Celine?*

Hinawi niya ang ilang hibla ng buhok na nakakapit sa pawisan rin nitong noo. He could not believe she was this beautiful. Saang bundok ba siya galing at bakit ngayon niya lamang napansin ang kagandahang ito?

"Hmm..." tila inip na ungol ng dalaga. Dumilat ito.

His gaze met her half-closed eyes. Ilang sandaling nagtitigan sila hanggang sa magkakulay-rosas ang mga pisngi nito. A smile tore his lips.

"W-Warren..."

"Hmm?" tanong niya habang pinapagapang ang isang palad sa baywang nito, his gaze fixed on her eyes.

Her hand reached out to touch his face. He wrapped his arms around her body and readied his entrance. Again, they shared a magical moment both of them could never forget.

3

Mabigat ang pakiramdam na inangat ni Warren ang sumasakit na ulo. Sa sobrang dami niyang nainom kagabi, pakiramdam niya ay may hangover pa rin siya. Immediately, he looked at the clock on his bedside table. It was ten in the morning.

Mula sa pagkakadapa ay bumalikwas siya. It was then that he discovered he was naked under the comforter. Bigla siyang natigilan.

Hindi sinasadyang napatuon ang kanyang pansin sa pulang mantsa na nakakapit sa kanyang asul na bedsheet.

Bumalik sa kanya ang mga alaala ng nangyari nang nakaraang gabi hanggang kaninang madaling araw. He must admit it was great. He never thought Celine could drive him so wild. He would not think twice about making love with her again.

Naalala pa niya nang pinunasan nito ang buo niyang katawan para mabawasan ang hangover niya. Noon din ay lumabas ang tinatago niyang pagnanasa para sa babae.

He wanted her and he could feel Celine wanted

him just the same. Napangiti siya sa alaala ng kanilang pagniniig.

His muscles still quivered at the thought of her and their passionate lovemaking.

Agad siyang naghagilap ng tuwalya at itinapi iyon sa baywang. Bakas ang kasiyahan sa mukha, tinungo niya ang banyo kung saan maaaring naroon ang dalaga. But she was not there.

Nabura ang ngiti niya. *Where is she?*

His bright face turned gloomy when he still did not find her outside the bedroom. Binuksan niya pa ang pinto sa pagbabakasakaling lumabas lamang ito, bagaman alam niyang wala naman itong maaaring puntahan. Ngunit wala ang dalaga.

Where did she go? takang tanong niya sa sarili. Maaari kayang umuwi na ito? Ngunit bakit hindi ito nagpaalam?

Warren was suddenly confused. Bumalik siya sa silid at hinagilap ang cellphone. Mabilis niyang tinawagan ang numero ni Celine.

But it was just ringing. Natapos ang limitadong oras na walang sumasagot sa cellphone nito. He redialed, but her number was already unattended.

Kunot-noong napatitig siya sa hawak na aparato. He tried calling again, but all his attempts were in vain. Could Celine deliberately turned her cellphone off to avoid his call? Pero bakit nito gagawin iyon?

Dismayadong naihagis niya ang cellphone sa malambot na kama. Then, he remembered he had Celine's landline. Muli niyang dinampot ang telepono at tinawagan ang numero nito sa bahay. Agad na may sumagot sa kabilang linya.

"Hello?" anang nasa kabilang linya.

"Good morning. May I speak with Celine?"

"Naku, tulog po, eh. Umaga na po kasi umuwi at ayaw magpagising."

So kung nagising pala siya nang mas maaga ay naabutan niya pa ang dalaga sa tabi niya?

"Gan'un ba? Sige, tatawag na lang ako uli," aniya saka sila nagpaalaman.

Marahas niyang naisuklay ang kamay sa buhok. Sa likod ng kanyang isip, naroon ang pagsisisi. Pero iyon ay dahil sa isiping nag-take advantage siya ng kahinaan ni Celine. However, he would be a fool to say he really regretted what happened. In fact, he would love to do it over and over again.

Muling napadako ang mata niya sa iniwang mantsa ng kanilang kapusukan. He suddenly felt possessive of Celine.

"You're mine now, Celine," mahinang bulong niya.

Ngunit hindi naging matagumpay ang mga pagtatangka niya upang makausap ang dalaga. He called her numerous times later that afternoon. but she still could not be disturbed. Nang tumawag siya muli kinagabihan pulos alibis ang idinahilan ng maid nito. Her cellphone, on the other hand, remained unreachable all throughout the day.

He was troubled. Pagod na napaupo siya sa sofa.

Hindi siya umalis ng bahay maghapon dahil sa pag-asang makakausap niya si Celine.

Bumuntong-hininga siya. Marahil hindi pa lang ito handang harapin siya pagkatapos ng nangyari sa kanila. Maybe she needed time. Maibibigay niya iyon sa ngayon, pero sa malao't madali, he would set things straight between them.

TAPOS NA ang finals week ngunit hindi pa rin nakakausap ni Warren si Celine. Even their

friends had no idea where to find her. Sigurado siyang pinagtataguan siya nito dahil lagi niyang pinupuntahan ang lugar kung saan madalas ang dalaga, ngunit hindi niya ito matagpuan doon.

Hindi niya rin ito ma-contact sa telepono.

Hindi na siya nakatiis. Bilang presidente ng kanilang school organization, nagpatawag siya ng emergency executive committee meeting para sa mga officers.

"Bakit ang aga yata ng meeting natin ngayon? Next week pa dapat, di ba?" usisa ni Glendel. Lima na silang naroon at natatanawan na nilang paparating ang magnobyong BJ at Melissa.

"Well, we have to move it kasi gusto ko nang asikasuhin ang preparation for our last project. The medical and dental mission," paliwanag niya.

Ang totoo, hindi nila kailangang magmadali. They still have two months left to prepare for their last project. However, he found the need to call for this meeting earlier than expected because he wanted to see one person.

"Well, anyway, mabuti na nga rin ito para next week kumikilos na ang members," Bel commented.

"Hi, guys!" bati ng kadarating lang na si Melissa.

"Nasaan si Celine?"

Parang nagkasundong sabay-sabay na lumingon sa kanya ang mga ito, nagtatanong ang mga mata.

"Pare, huwag kang magagalit, pero napansin ko lang magbuhat noong cultural night, hindi pa nagpapakita si Celine. May pinag-awayan ba kayo?" nakatingin sa kanya na tanong ni BJ.

All of a sudden, he felt he was on a hot seat.

Paano niya ba sasagutin ang tanong na iyon? He, too, wanted to see Celine, but of course, he could not disclose what happened between them in his condo.

Good thing there was Glendel to the rescue.

"Anong hindi? She always drops by. Hindi n'yo lang natitiyempuhan."

"O ayan na pala ang diyosa," Melissa announced.

All of them turned their heads and saw Celine walking toward them. She was smiling but when she glanced at him, he thought he saw her frown.

"Celine!"

The girls hugged her. They had always been that

close in the org. They were actually like a fraternity and sorority in one.

"Where have you been? Ngayon lang yata kita nakita since the cultural night," bati ni BJ rito.

Celine shrugged her shoulders. "Where have you been too? Ngayon lang din kita nakita since the cultural night."

"Fine. Sabi ko nga."

They all laughed except him. He felt an instant tension between them. Mula kasi nang dumating ito ay ni hindi pa siya nito tinatapunan ng tingin. He sensed something that was synonymous to anger.

Finally, she faced him. "Can we start now? Susunduin ako ng daddy ko, eh," walang kangiti-ngiti nitong sabi.

"Sure," he then answered.

The meeting went on. Pinag-usapan nila ang mga detalye ng medical at dental mission, which they would conduct in Pampanga since majority of them hailed from that province. Halos dalawang oras inabot ang meeting. As soon as they finished, nagpaalam kaagad si Celine.

"Sige, guys, I have to go na.'"

"Ano ka ba, Celine, magdi-dinner pa tayo, di ba?" protesta ni Glendel.

Umiling ito. "Susunduin ako ni Daddy. Malapit na siya. Next time na lang."

Wala ring nagawa ang mga kasama sa pagtanggi ng dalaga. Hinintay niyang magpaalam ito sa kanya ngunit nabigo siya. Hindi niya na iyon ipinagtaka. Malinaw na sa kanya sa umpisa pa lang na iniiwasan siya nito.

Ngunit hindi niya hahayaan na manatiling tila galit ito sa kanya. Kung anuman ang namagitan sa kanilang dalawa, kailangan niyang ayusin. He could not afford to lose her just like that. Kailangan niyang makausap ito nang masinsinan.

"CELINE, wait!" habol niya nang papalabas na ito ng *Old Soul Cafe* kung saan ginanap ang kanilang meeting.

She stopped but did not turn her back.

"Celine, can we talk?" bungad niya nang malapitan niya ito.

"What about?" she coldly asked.

"About us. Bakit mo 'ko iniiwasan?"

Napatitig ito sa kanya. Bahagya pa itong natawa.

"Warren, are you serious? Bakit naman kita iiwasan?"

lpinagtaka niya iyon. Sigurado siyang iniiwasan siya nito ngunit ang hindi niya maintindihan ay bakit nagmamaang-maangan pa ito. Bakit hindi pa nito sabihin sa kanya kung galit ba ito?

"Oh c'mon, Celine, you can't lie to me—"

"What do you mean? I'm a liar?" taas ang kilay na gagad nito.

"No! Damn!" frustrated na sabi niya. Nakita niyang lumambot ang ekspresyon ng mukha nito. "What I meant was—"

"You know, Warren, I'm in a hurry. I need to go," anitong tinalikuran siya.

Noong una ay bantulot siyang sundan ito ngunit nang nakakailang hakbang na ito ay ginawa rin niya.

"Celine!" tawag niya.

She stopped. "What?" Iritado na ito.

"Don't you think we have to talk?"

"Talk?" baling nito sa kanya. "We've been talking for two hours. Kulang pa ba iyon?"

"Why are you avoiding me? Galit ka ba sa 'kin?"

Medyo naiinis na rin siya. This woman became unpredictable all of a sudden.

"Ano ba'ng pinagsasabi mo? Ba't ako magagalit sa 'yo?"

"Iniiwasan mo 'ko. You don't answer my calls. Ano iyon, trip mo lang? Hindi ka naman dating ganyan," nagtitimping saad ni Warren. Ewan niya, pero parang gusto niya talagang magalit nang mga oras na iyon.

Hindi kaagad ito nakapagsalita; nakatingin lamang sa kanya.

Luminga muna siya sa paligid bago nagpatuloy, "Mula nang may mangyari sa 'tin, hindi mo na ako kinausap. God knows I was dying to talk to you about what happened. I expected the cold treatment somehow but not like this. I'm not used to this."

Celine still did not say anything.

He ran his fingers through his hair out of frustration. "Can you please say something?"

She took a deep breath first before answering back. "Honestly, I don't know what to say..."

"Sabihin mo sa 'kin kung ano'ng nararamdaman

mo. Sabihin mo kung galit ka. Sabihin mo kung ano'ng puwede kong gawin para mapatawad mo 'ko. This—you avoiding me—pains me..."

Her features softened again. It was as if she was trying to hide her true emotions through a façade. He even thought he saw her eyes wet.

Nagpatuloy siya, "Celine, we can't go on like this. Ayokong may sama ka ng loob sa akin. Y-you mean so much to me. I can't afford to lose our friendship. Tell me, what do I need to do? Please..." he begged.

There was a momentary pause after he said that. She broke the silence after a while. "There's nothing you can do," marahang sabi nito. "Hindi ako galit sa 'yo if that's what you're concerned about."

"I... I'M SORRY about what happened..."

"You're sorry?" parang maiiyak niyang sagot. Celine sighed again as if by doing that, the tension inside her would be released. Taas-noong hinarap niya ito. "You know what, Warren, sorry kung na-misinterpret mo, I just have a lot of things in my mind. Hindi ko naisip na baka magkaroon ka ng ibang interpretasyon."

"And that concerns me, am I right?"

She forced a smile. "Of course not. It concerns something else."

"Listen, Celine—"

"No, you listen to me," agap niya sa sasabihin nito.

Lumunok muna siya bago nagpatuloy, "Walang may gusto sa nangyari, so let's not bring up the topic anymore. It was... it was unexpected. It was nonsense. It was... just a... just a one-night stand—"

"Celine!" malakas na sambit nito. May napalingon pa nga sa kanila dahil sa lakas ng pagkakabigkas nito ng pangalan niya.

"Warren..." nahihirapan niyang sabi. "Huwag na nating palakihin ito, okay? Let's just pretend that nothing happened. Forget about it, okay?"

"I'm not buying that. Hindi ako naniniwala na wala lang sa 'yo ang nangyari. Hindi ako matatahimik hangga't alam kong galit ka sa kin," giit nito.

Parang gusto nang sumabog ng ulo niya. Why was this man so insensitive? Hindi ba nito naisip man lang kung gaano kahirap sa kanya na pag-usapan nila ang bagay na iyon?

Isang mahinang buntong-hininga muli ang pinakawalan niya bago mahinahong nagsalita. “I repeat hindi ako galit sa ‘yo. Kaya please lang, Warren, please! Don’t bother me or even yourself, with the thoughts of that.” Pinilit niyang ngumiti bagaman ang gusto niyang gawin ay umiyak. Hindi na niya alam kung saan siya humuhugot ng lakas ng loob na kausapin ito tungkol sa namagitan sa kanila, “Saka... naaalis naman sa paligo iyon hindi ba?” Ipinagpasalamat niya na hindi siya pumiyok pagkasabi niyon.

She did not bother to look at his reaction. Nanlalabo na ang mata niya kaya minabuti na niyang tumalikod at iwan ito. May pagmamadali ang kanyang hakbang ngunit ramdam niyang hindi na sumunod sa kanya ang binata.

Pinara niya ang unang taxi na nagdaan. Hindi totoong susunduin siya ng ama; alibi lang niya iyon para maiwasan ito. But she did not quite succeed because he still followed her.

Sa loob ng taxi, nag-uunahang tumulo ang kanyang luha na kanina pa niya pigil-pigil. Hindi pa siya handang makaharap ang binata, sa totoo lang. Labag sa kalooban niya ang pagpunta sa meeting na iyon, pero pinilit niya ang sarili dahil alam

niyang importante. Ayaw niyang makahalata ang mga orgmates niya sa nangyayari sa pagitan nila ng kanilang president.

Nagkulong kaagad siya sa silid pagdating sa bahay.

Ayaw niyang makita ng kahit sino na umiiyak siya. Mabuti at ang katulong lamang nila na si Nerisa ang naroon nang dumating siya. Idinahilan na lamang niya na masakit ang kanyang ulo upang hindi na nito usisain kung bakit siya umiiyak.

BASANG-BASA ang unan sa kanyang piping paghagulhol. Halo-halo na ang emosyong nararamdaman niya: pagdadalamhati sa minamahal, awa sa sarili, panghihinayang, pagkalito. She was not ready for the things to come.

Kasalanan ko, sisi niya sa sarili, *Kung hindi ako nagpaubaya, kung hindi ko ibinigay ang sarili ko, hindi sana magkakaganito. Kung hindi ako natukso na maramdamang ibigin niya kahit sandali, hindi kami hahantong sa ganito.*

The truth was, after what happened, she felt she could not face him anymore. Hiyang-hiya siya kay Warren. Baka isipin nitong cheap siya o baka

alam na rin nito na lihim niya itong minamahal.

Iyong nawala sa kanya, balewala sa kanya iyon. Warren was one of the greatest gifts she had ever received. But unfortunately, the gift did not really belong to her.

Alam niyang lasing ang binata nang may nangyari sa kanila. Nasa kanya ang lahat ng pagkakataon upang tanggihan ito ngunit hindi niya ginawa. She gave in. Masisisi ba siya kung ang nais lamang niya ay maramdaman kung paano mahalin ng taong pinakamamahal niya kahit ito ay pagkukunwari at panandalian lamang?

Warren was definitely not in love with her. She was dear to him, yes, but only as a sister. Alam niyang nagsisisi ito sa nangyari at iyon ang ikinasasama ng kalooban niya. Ilang beses itong tumawag sa kanya ngunit hindi niya ito kinausap. Iniiwasan niya ito dahil ayaw niyang magkaharap silang dalawa at mag-sorry ito sa kanya dahil nagsisisi ito sa nangyari sa kanila. Ang pinakamahalagang bagay na nangyari sa kanya, pinagsisisihan nito?

Hindi niya kayang tanggapin iyon, sa ngayon. Kaya hangga't maaari ayaw niya muna sanang makausap ang binata. Ngunit nangyari na ang iniiwasan niya. At nadala siya ng kanyang emosyon,

lalo na nang makita niyang tila sising-sisi ang binata sa naganap. She just simply could not bear it.

Hindi niya alam kung saan niya nakuha ang lakas ng loob na sabihin rito na balewala sa kanya ang nangyari na para bang ganoon lang kadali ang bagay na iyon.

Pero ayaw niyang magmukhang kawawa sa paningin ng binata. Kanina habang binabanggit nito iyon ay parang gusto na niyang matunaw sa kahihiyan. Minabuti niyang ibangon ang sariling pride sa pamamagitan ng mga kasinungalingang sinabi niya.

Nanghihinayang siya sapagkat matapos ang mga nangyari, wala na siyang lakas ng loob na gampanan ang tungkulin niya bilang kaibigan nito. That night and their conversation earlier simply ended their harmonious relationship.

WARREN only had himself to blame sa naging pakikitungo sa kanya ng dalaga. What happened between them totally ruined their friendship. He feared he had just committed the biggest mistake of his life.

He adored Celine so much. She was his best

friend, his sister, his love adviser. He worshipped the relationship they had because it was so pure.

But that was before. Noong hindi niya pa ito 'pinapakialaman'.

"Sh*t!" Marahas na ibinalibag niya ang basyo ng bote ng alak na katatapos niya lang tunggain. Tumilapon iyon sa iba pang mga bote ng alak na kanina niya pa pinataob kaya nabasag din ang mga iyon. He cupped his face with his hands.

God, what have I done?

At the moment, he had nothing but guilt inside his heart. He was the first man in Celine's life. Kilala niya ito, hindi nito basta ibibigay ang sarili nang ganoon lang.

Alam niyang defense mechanism lamang ng dalaga ang mga sinabi at maging ang pakikitungo nito sa kanya. And he was expecting it. But he never thought it could be that painful.

HINDI ALAM ni Celine kung ano ang dapat na maramdaman matapos basahin ang sulat. She found it in their mailbox two days before graduation.

Dear Celine,

I know I've hurt you so badly. Please accept my sincerest apology. I really don't know what got into me for committing the biggest mistake of my life. I am willing to take full responsibility for my action, hoping to earn your trust again.

I can't afford to lose you. Please talk to me...

Warren

"I forgive you, Warren. What happened was a blessing in disguise. But it will be more painful if we go back to the way things were. And I don't want more pain."

Marahang pinunasan niya ang luha sa kanyang pisngi bago muling isinilid ang liham sa sobre.

GRADUATION. Punung-puno ang kanilang university hall kung saan gaganapin ang kanilang Commencement Exercises.

Wala sanang balak dumalo si Celine sa graduation. She had been feeling nauseated since

yesterday but she knew it was useless to back out at the last minute. Handang-handa na ang buong pamilya niya na dumalo sa kanyang graduation. Mas excited pa nga sa kanya ang daddy niya dahil summa cum laude siya.

Her dad had been asking her what gift she would like to receive. Wala pa siyang sinasabi dahil hindi siya makapag-decide, pero ngayon may naisip na siya.

Habang inihihimpil ng ama ang sasakyan ay pinuna siya ng mommy niya. “Is there something wrong, Celine? Kanina ko pa napapansin na ang tahi-tahimik mo. Masama ba ang pakiramdam mo, anak?”

Pinilit niyang pasiglahin ang boses. “Wala ‘to, ‘My. Wala lang akong masyado sa mood.”

“Naku, hindi puwede ‘yan. Kailangang ikaw ang may pinakamagandang ngiti d’un. Summa cum laude yata ang anak ko,” sabat ng kanyang ama.

“Ang daddy talaga.”

Treinta minutos bago magsimula ang programa nang dumating sila kaya halos hindi na magkamayaw ang mga estudyante, magulang, at iba pang kabilang sa pagtitipon.

Napakapit siya sa braso ng kapatid na si Bel dahil sa naramdamang hilo. Pakiramdam niya ay matutumba siya kapag bumitaw siya rito.

By college ang entrance at seating arrangement, at nakahiwalay ang mga magulang sa mga estudyante kaya napilitan siyang humiwalay sa mga kapamilya.

Patungo na siya sa pila ng kanyang kolehiyo nang makarinig siya ng pamilyar na tinig na nagpasasal sa kanyang dibdib.

"Celine! Celine, wait!" anang nasa likuran niya.

She stopped and slowly turned her back. Paglingon niya ay natagpuan niyang nakatayo na sa harapan niya si…

"W-Warren..."

"Buti nakita kita," anang nakangiting binata. "Congratulations! Summa cum laude ka pala."

Tipid na nginitian niya ito. "Congrats din. Magna cum laude ka naman, eh."

"Uhm, nasabi na ba sa 'yo nina Glendel 'yung tungkol sa grad party natin sa Bohol?" Naroon ang alinlangan sa mukha nito. Tumango siya. "Huwag kang mawawala, ha?"

"B-baka hindi ako makasama." Nawala ang

ngiti sa mukha ng binata. “Magbabakasyon ang family namin sa mga tita ko, eh...” Hindi ito kumibo. “S-sige, Warren. Pipila na ‘ko. Malapit na yatang mag-umpisa,” paalam niya rito. Unti-unti na naman siyang nakaramdam ng pagkahilo at wala siyang balak magpaakay sa binata sakaling sumpungin siya.

Ngunit bago siya makatalikod ay may lumapit kay Warren.

“Honey! Congratulations!” bati ng babae na walang iba kundi ang nobya nitong si Frances. Walang pangingiming yumakap ito sa lalaki.

Napansin niyang nagulat si Warren at napatingin sa kanya. Siya naman ay saglit na napatanga. Noon lamang siya napansin ng bagong dating.

“Hi, Celine! Sorry, hindi kaagad kita napansin. Congrats din, ha!” anang babae na bagaman tila napahiya nang malamang naroon siya ay nakangiti naman.

“Thanks.” Sinuklian niya ang ngiti nito. “S-sige, pupunta na ’ko d’on,” aniya at agad na tumalikod.

Bakit ganoon? Why did she have to witness that scene? Pinagkapilit niyang iwasan ito dahil alam niyang masasaktan lang siya sa kaisipang hinding-hinding ito magiging kanya. Labis na siyang

nasasaktan dahil doon.

Hanggang sa makarating siya sa upuan ay wala siyang imik. Ilang saglit pa ay pinatayo na sila para sa pambansang awit.

Nangangatog ang tuhod na tumayo ang dalaga.

Hilung-hilo na talaga siya at awtomatikong napakapit siya sa katabi.

"Are you okay?" mahinang bulong ng katabi niya sa pagitan ng pag-awit ng *Lupang Hinirang*.

Mariing ipinikit niya ang mga mata at umiling. She tried to calm her weakening muscles. She did not want to create a scene. Nang matapos ang awitin ay nauna na siyang umupo bago pa man iyon sabihin ng emcee.

Concerned na concerned sa kanya ang mga katabi.

"Celine nanlalamig ka. Namumutla ka pati. Gusto mo tawagin ko'ng mommy mo?"

"P-please..." Tumatangong iniabot niya ang cellphone dito. Ngunit bago pa man nito makontak ang ina ay nagblangko na ang paningin niya.

4

Five years later...

Dalawang magkasunod na doorbell ang narinig ni Bel. She was busy transcribing her interview with a general, pero dahil nag-iisa lang siya sa garden at ang kanilang maid ay nasa kusina, siya na ang nagkusang magbukas ng gate.

Wala siyang inaasahang bisita ngayong araw. Ang mga magulang niya ay dumalo sa isang kasal kaya sila lamang ng kawaksi ngayon sa bahay. Ganoon na lang ang pagkasorpresa niya nang makita ang nasa labas ng gate.

"Ate!" she screamed excitedly. Masayang nagyakap sila ng bagong dating. "Akala ko ba next month ka pa darating? Hindi ka tuloy namin nasundo!"

"Nainip na kasi ako. Hindi ko na mahintay 'yung next month. Saka I wanna surprise you," masayang tugon ng bagong dating na walang iba kundi si Celine.

"You really did! Talagang masu-surprise sina Mommy at Daddy. Wala sa hinagap namin na bigla

ka na lang susulpot ngayon."

Ibinaling niya ang tingin sa batang kasama ng ate niya na nakamata lamang sa kanila

"Jarren!" Niyuko niya ang bata.

Saka pa lamang ngumiti ang bata dahil sa wakas ay napansin siya.

"Tita!" the child exclaimed happily.

Tuwang-tuwa na kinarga niya ang pamangkin. "Pumasok na nga tayo sa loob." Iginiya niya ang kapatid papasok sa bahay habang karga pa rin ang paslit.

"Iyan lang ang dala ninyo?" tukoy niya sa isang di- kalakihang bag na bitbit ng kapatid.

"Pina-package ko na lang 'yung iba. Hassle kasi. Kung hindi bukas, sa makalawa, nandito na 'yung mga bagahe at pasalubong namin."

"Celine! Dumating ka na?" excited din na bulalas ni Nerisa. May dala itong merienda na para sana kay Bel.

"Obvious ba?" biro niya sa maid. "Nerisa, pakipasok na lang 'yung gamit ni Ate sa kuwarto niya saka pakipasok na rin 'yung mga gamit ko na

nasa labas. Thanks.'"

"Surely!"

Masayang tinungo nila ang kusina. "Ang tahimik yata nito, Ate," tukoy niya sa batang buhat.

"Paano, tulog na 'yang karga mo."

Sinipat niya ang tangan. "Oo nga, 'no? Ilalapag ko muna sa kuwarto mo. Diyan ka lang ha?"

"Saan pa ba 'ko pupunta?"

"Well, nobody can read your mind," birong totoo niya. Tinawanan lang siya ng kapatid.

"KUMUSTA ka na, Ate? Mas lalo ka yatang gumanda ngayon, ah," Puna sa kanya ni Bel nang makabalik ito ng kusina.

"Nambola ka pa diyan. Don't worry, lahat ng bilin mo, binili ko," sagot ni Celine.

"Ate, I expect the pasalubong but I'm not kidding."

"Fine. Thanks, anyway. Ikaw nga 'tong gumanda diyan, eh. Kamusta na nga pala kayo n'ung editor mo?"

"Hay, ewan ko sa manhid na 'yon!" nakasimangot na tugon ng kapatid. "Huwag nga iyon ang topic natin. Ano pala iyong sinasabi mong ibabalita mo sa 'kin tungkol kay Christian?"

She sipped her orange juice. Her sister was referring to her boyfriend back in Canada. She sighed before answering her question. "Well, he already proposed…"

"Already what?"

"You heard me."

Bel was in awe. She could read the mixture of excitement and happiness on her face. Nang makabawi ito ay agad na kinuha nito ang kamay niya.

"Oh, where is the…." Takang tumingin ito sa kanya.

"It's in my bag," tukoy niya sa engagement ring na bigay ng nobyo na alam niyang siyang hinahanap nito.

"You're not wearing it?" di-makapaniwalang untag nito.

She shrugged. "I feel awkward wearing an engagement ring while I have a four-year-old with

me. Besides, hindi ko naman kasama si Christian, so hindi niya siguro mamasamain."

Her sister was aghast. "My God, what kind of reasoning is that, Ate?"

"Bakit? Mali ba ang sinabi ko?" Her sister became nosy as ever. "Does it have something to do with... Jarren's father?"

Hindi na lang umimik pa si Celine, sa halip uminom na lamang siya ng juice.

HATING-GABI na ngunit hindi pa rin dalawin si Celine ng antok. She missed her room. Limang taon na buhat nang huli siyang matulog dito. Pero ngayon, heto uli siya sa kanyang silid na walang pinag-iba mula nang iwan niya.

Natatandaan niya pa noong araw ng graduation niya sa college. Talagang masama ang pakiramdam niya noon ngunit hindi maaaring hindi niya daluhan ang kanyang graduation. Gayumpaman, hindi niya na natanggap ang kanyang medalya dahil hinimatay siya. Dinala siya sa infirmary ng kanyang magulang at doon nila natuklasang buntis siya.

Ang mommy niya, naiyak sa nalaman. Si Bel

naman ay bakas ang concern sa kanya, pero ang daddy niya ay tahimik lamang. Hindi niya mahulaan kung ano ang iniisip nito nang mga oras na iyon.

"I'm sorry, Mommy... Daddy," *umiyak na sabi niya.*

Niyakap siya ng ina. "Ssh! Baka makasama sa 'yo at sa baby."

"Mommy..."

Her sister held her hand.

"When are we going to meet this boyfriend of yours?" her father asked. Walang anumang ekspresyon siyang nabanaag sa mukha nito.

Nagkatinginan sila ng kapatid. They both knew she did not have a boyfriend. Nang titigan siya nito na animo nagtatanong, napatango lamang siya. Her sister knew all about Warren. Well, almost.

"Dad, I'll take full responsibility for my child."

Despite the persistent demand of her parents, especially her father, to know who the father of her child was, napagtagumpayan niyang ikubli ang pagkatao nito.

Tanging si Bel lamang ang nakakaalam niyon.

She knew she hurt her parents because they were devout advocates of 'complete familyhood'. It pained her, too, but she had to do what she thought was best for her.

At ano pa ang silbi kung malaman ng mga ito kung sino ang ama ng nasa sinapupunan niya? Hindi niya maatim na ipaako sa lalaking minamahal ang batang hindi naman bunga ng pag-ibig sa kanya kundi bunga ng kalasingan at kabaliwan na lubos nitong pinagsisisihan.

She might have lost her mind, but she would never lose her pride. Iyon na lamang ang natitira sa kanya.

Nang malaman ng mga magulang niya ang tungkol kay Christian ay tuwang-tuwa ang mga ito. She met Christian roughly three years ago. Isang taon pa lamang noon ang anak niyang si Jarren. After they found out that she was pregnant, she decided to stay with her father's sister who was based in New York.

Doon niya na ipinanganak si Jarren at doon na rin siya nag-build ng career as a designer. Nakapagtayo rin siya ng boutique sa New York kung saan halos lahat ng customers niya ay celebrities.

Malaki ang naitulong ng tagumpay ng career niya at 'love life' sa pagtigil ng mga magulang niya sa kakausisa tungkol sa ama ni Jarren. Sabi nga ng mommy niya, passé na raw iyon.

But to her sister, and apparently to her, it was still a great silent issue. An issue that needed to be resolved sooner or later.

Ang isyung ito ang itinuturo niyang dahilan kung bakit hanggang ngayon hindi niya pa maramdaman ang tunay na kaligayahan sa piling ni Christian.

Christian loved her and her son so much. Ito ang pinakamabait na lalaking nakilala niya. But her conscience would not leave her at ease because she was still bothered by that one great issue that haunted her for years.

Dahil hanggang ngayon, pakiramdam niya, sa isang lalaki pa rin tumitibok ang puso niya.